**Alituntunin ng mga Kinatawan na Magbukas ng Ukol na *Bank Account***
**(Requirements for Payees to Establish Dedicated Accounts)**

Para matanggap mo ang nakalipas na sustentong *SSI* na hindi pa nababayaran ng*Social Security (past-due SSI benefits)* para sa taong iyong kinakatawan, kinakailangang magbukas ka ng bukod at ukol na *bank account* para dito. Kailangang magbigay ka ng katunayan na binuksan mo na ang naturang *account* bago namin baya ran ang *past-due SSI benefits* na nabanggit. Kailangan mong ibigay sa amin ang mga sumusunod na impor-masyon: ang pangalan at kinaroroonan *(address)* ng bangko; ang numero ng *account* sa bangko; ang titulong nakapangalan sa *account*; ang uri ng *account*; at, ang halaga ng perang idineposito mo para mabuksan ang *account* kung gayun ang patakaran ng bangko.

Kung hinihingan ka ng pangunahing deposito ng bangko para magbukas ng *account*, maaari kang gumamit ng kaunting perang galing sa ibang pondo para dito. Oras na nadeposito na ang*past-due SSI benefits* sa binuksan mong *account*, kinakailangang i-withdraw mo ang perang nanggaling sa ibang pondo bago matapos ang sus unod na buwan.

Matapos mong maipakita sa amin na nabuksan na ang naturang *account* ay idi-deposito namin dito ang *past-due SSI benefits.* Hindi namin ituturing ang *past-due SSI benefits* na nasa *account* na ito bilang inyong mga ari-arian at hindi rin namin ituturing ang tubo na galing dito bilang inyong kita o ari-arian. Hindi ka maaaring magdeposito ng iba pang pera s *account* na ito ng walang pahintulot galing sa amin. Kung mayroon kang ibang perang idineposito sa *account* na ito ng walang pahintulot galing sa amin, uumpisahan naming ituring ang lahat ng perang nasa loob ng *account* bilang inyong mga ari-arian at ang tubo nito sa inyong kita matapos ang buwang idineposito mo ang naturang pera.

Ang pera sa naturang *account* ay maaaring gamitin para pambayad sa abogado, o sa pagpapagamot, o sa pag-aaral o pagsasanay na pang-hanapbuhay. Ang perang ito ay maaari ding gamitin para sa mga sumusonod na gastos kung ito ay para sa ikabubuti ng benepisyaryo at kung may kaugnayan ito sa kanyang kapansanan at/o kabulagan: tulong sa personal niyang pangangailangan; tangi at naiibang kagamitan; modipikasyon sa bahay; rehabilitasyon o therapy; o iba pang mga bagay o serbisyo na pinahintulutan ng inyong lokal na tanggapan ng *Social Securit* . Kahit ito ay hindi karaniwang ipinag-uutos, iminumungkahi namin na humingi ka muna ng pahintulot sa *Social Security* kung sakaling hindi ka tiyak na tamang paggamit ng perang nasa *account* ang binabalak mong pagkakagastusan.

Kung inyong nalalamang ginamit ang nasabing pera para sa mga gastos o serbisyo na hindi kabilang doon sa mga nabanggit sa itaas, <u>kailangang bayaran mo ang katumbas ng nasabing pera buhat sa iyong sariling buls</u>. Kahit magsimulang tuwirang tumaggap na ng bayad ang iyong kinakatawan, maaari lamang gamitin ang per-ang nasa loob ng *account* para sa mga serbisyo at gastos na nakalista sa itaas.

**Kinakailangang ilista ang lahat ng perang nakuha mo sa nasabing*account* at itabi ang mga resibo para sa lahat ng mga bagay at serbisyo na iyong pinagkagastusan.**

Maaari kayong tumawag, sumulat, o bumisita sa alin mang tanggapan ng *Social Security* kung kayo ay may nais na itanong tungkol dito.

Tagalog Language
August 1999